

Nginuya ni Mallory ang inorder niyang Lemon Square pero hindi siya nasarapan doon. Masyado iyong matamis para sa panlasa niya. Wala namang lasa ang kapeng nasa tasa na kaharap niya.

“Excuse me, Miss?”

Naramdaman ni Mallory na nag-tense ang lahat ng muscles sa kanyang katawan. Hindi niya namalayan ang lalaking lumapit sa kanya hanggang sa nakatayo na ito sa tabi ng kanyang mesa. Bihirang mangyari iyon. Observant siya, lalo pa sa mga lalaki. Walang lalaking basta-basta na lang nakakalapit sa kanya. Pasimple niyang ibinaba sa kanyang kandungan ang isang kamay kung saan mas mabilis niyang madudukot ang dalang 9mm *H&K USP Match*. Marahan niyang tiningala ang lumapit at tiningnan ito nang mapagtanong.

Mabuti at napigilan niyang manlaki ang mga mata at maglaway sa nakita.

Isang matangkad na lalaki ang nakatayo roon. Nakaitim itong t-shirt at maong, may suot na itim na motorcycle jacket at combat boots. Hindi ito guwapo kung ordinaryong basehan ng kaguwapuhan lang ang gagamitin. He was too masculine, too rugged and he was too gorgeous.

He had the face of a warrior, with a straight nose, well-defined cheekbones and an angular jaw. His eyes were dark, heavy-lidded and surrounded by a forest of long, thick eyelashes.

His lower lip was fuller than the upper, at tila ba kay sarap halikan. Kailangan na ng trim ng malago nitong buhok at kailangan na rin nitong mag-ahit dahil kung hahalikan siya nito, siguradong mag-iiwan iyon ng pulang mga pantal sa kanyang balat.

At napakagaling ng imagination niya dahil naisip niya ang magiging hitsura nilang dalawa habang naghahalikan. Kumurap si Mallory at ngumiti ang binata.

*Oh. My. God.*

“Puwede bang manghingi ng asukal?” sabi nito sabay turo sa natitirang pakete ng asukal sa mesa niya.

Hindi puwede ito. Taon na ang lumipas mula nang huli siyang makadama ng ganitong klaseng atraksyon sa lalaki. Hindi maaaring ngayon pa habang nasa panganib sila ng kapatid niya. Muli siyang kumurap at muling nag-focus sa guwapong mukha ng kaharap ang kanyang paningin. Nakangiti pa rin ito na tila ba alam ang iniisip niya. Napahiya siya.

“P’wede ka namang manghingi sa waitress kung kailangan mo ng asukal,” mataray niyang sagot.

Tumaas ang isang sulok ng mga labi ng lalaki. “Pero kung sa waitress ako manghihingi, hindi kita makikilala.”

*Aba’t gusto yata talagang mabaril.*

“I’m not interested,” aniya, gamit ang tonong mas malamig pa sa hangin sa Antarctica.

Kumunot ang noo niya nang magkibit-balikat ito at naupo sa tapat niya.

“Sinabi ko bang puwede kang maupo?” tanong niya.

“Hindi mo rin sinabing hindi puwede,” balik nito.

Naningkit ang mga mata ni Mallory. Nangangati na siyang bumunot ng baril mula sa shoulder holster pero nanatiling nakapatong sa kandungan ang kanyang kamay.

Kumuha ang lalaki ng isang pakete ng asukal. “I’m sorry,” sabi nito na seryoso ang ekspresyon sa mukha. “Desperado na ako. Hindi naman ako lalapit sa ’yo nang basta-basta kung hindi ko kailangan ng asukal. Ang sagwa ng lasa ng kape dito.”

Pinanood niyang ilagay ng binata ang asukal sa kape, hinalo iyon bago tinikman. Ibinaba nito ang tasa bago ngumiti sa kanya. “Masagwa pa rin.”

Hindi na niya napigilan ang sarili. Napabungisngis siya at mas lumawak ang ngiti ng lalaki.

“I’m Cameron, by the way.”

At sa hindi niya alam na kadahilanan, ibinigay niya ang tunay niyang pangalan.

---

Nagulat si Cameron na ipinakilala nito ang sarili bilang si Mallory. Ini-expect niyang magbibigay ito ng alias.

Walang makeup ngayon ang babae. Wala itong suot na disguise. Layered hanggang balikat ang itim nitong buhok at dark brown ang mga mata. Simple lang ang suot nito. Puting pang-itaas, itim na jacket, maong na pantalon at boots. May dala rin itong isang itim na *JanSport* backpack pero maliban doon, simpleng babae lamang ito at hindi mukhang assassin ng *CIA*. She was just herself.

Pero hindi rin nakatakas sa kanyang pansin ang pag-tense ng katawan nito nang lumapit siya. O ang pasimpleng paggalaw ng isang kamay nito pababa sa kandungan. Alam niyang mas madali kasi ang dumukot ng baril mula sa ganoong posisyon. Siya man ay armado rin.

“Taga-rito ka ba?” tanong niya habang hinahalo ang kapeng wala na siyang balak inumin.

Umiling ang dalaga. “Hindi. Taga-Manila ako.”

Nag-angat siya ng paningin. “Talaga? Ako rin, taga-Manila. Saan d’on?”

“I’m sorry,” sa halip ay turan ng babae. “Alam mo namang sa panahon ngayon, delikado nang sagutin ko ang mga tanong mo.”

Nagkibit-balikat siya ng balikat. “It was just small talk.”

“I’m sure, it is,” sarkastikong sagot ni Mallory. Kinuha nito ang wallet mula sa bulsa at naglabas ng pera. Pinigilan niya ito sa pamamagitan ng pagdantay ng isang palad sa braso nito at

naramdaman niya ang paninigas ng muscles ng dalaga. Inasahan na niyang bibigwasan siya nito pero hindi ito gumalaw. Nakataas lamang ang isang kilay nito habang nakatingin sa kanya. Binawi niya ang kamay.

“Huwag na. Ako na ang magbabayad,” aniya.

“It’s okay,” sabi ni Mallory at kumuha ito ng limandaang piso mula sa wallet. “May pera ako. Kaya kong magbayad para sa sarili ko.”

Ibinaba nito ang pera sa mesa at nagsimulang tumayo. Nakita niyang natigilan ito. Sinundan ni Cameron ang tingin ng dalaga patungo sa labas ng restaurant. Namataan niya na tumigil doon ang isang itim na SUV. Bumukas ang mga pinto ng sasakyan at sabay-sabay na lumabas ang limang lalaki.

Mabagal niyang binalingan ang dalaga nang marinig niya ang mahinang murang pinawalan nito. Marahang naupo si Mallory nang hindi inaalis ang paningin sa mga lalaking naghiwahiwalay para halughugin ang palengke.

“Mga kaibigan mo?” patay-mali niyang tanong. Hindi sumagot ang babae. Kinagat-kagat nito ang pang-ibabang labi habang kunot-noong nakatingin pa rin sa bintana.

“May back exit naman siguro ang café na ito,” sabi ni Cam. Umangat ang isang sulok ng kanyang mga labi. “I mean, sa sama ng lasa ng pagkain dito, kailangan ng escape hatch ng mga kusinero kung mag-amok ang mga customers nila.”

Nakasimangot siyang pinagmasdan ng dalaga. Pero mabilis na nawala ang pagkairita sa mga mata nito nang bigla siya nitong nilundag. Itinulak siya nito at nahulog silang dalawa sa sahig bago sumabog ang mga salamin sa pinto at bintana ng restaurant.

Hindi madaling malimutan ang ilang taong training sa *PMA* at *AFP* kaya awtomatiko na ang mga galaw ni Cameron. Sabay silang lumuhod ni Mallory, parehong may hawak na 9mm at nagpapaputok sa mga sumusugod papasok ng restaurant. May tatlo silang tinamaan. Pero hindi lang iisa ang SUV na dumating at hindi lang lima ang mga goons dahil nadadagdagan pa ang mga armadong lalaking nasa labas ng gusali.

Hinila ni Mallory ang kuwelyo ng jacket niya. Mabilis siyang humabol dito papunta sa kusina ng café, kung saan nakakubli at nagsisigawan sa takot ang mga kusinero at staff. Lumabas sila sa bakuran sa likod ng café na napapaligiran ng isang mataas na wire fence.

“Kailangan nating bumalik sa harap,” aniya nang magsimulang umakyat doon ang dalaga.

“Sige,” sarkastiko nitong saad habang nakasabit sa bakod. Hindi siya nito nilingon at ilang dipa na ang taas nito mula sa lupa. “Bumalik ka sa loob. Dito ako dadaan.”

Napaawang ang mga labi niya sa tinuran na iyon ng kasama. Wala pa ni isang nilalang, maliban kay Mackenzie, na nagsalita sa kanya sa ganoong paraan. Siya si Captain Herrera, ang boss

ng mga Sentinels. Batas ang kanyang mga salita.

Kung hindi pa niya narinig ang pagbukas ng pinto sa likuran nila, hindi pa siya matatauhan mula sa pagkamangha rito. Mabilis siyang pumihit at kinalabit ang gatilyo ng *Glock* bago humabol kay Mallory. Lumundag na ito mula sa tuktok ng bakod hanggang sa lupa at ito naman ang nagpapatok ng baril habang siya ang umaakyat. Lumundag na rin siya.

“Kailangan nating bumalik sa harapan ng restaurant,” giit niya nang magtungo sa ibang direksyon ang dalaga.

“Hindi mo ba nakita ’yong mga teroristang nand’on?” singhal nito. “Kung gusto mong bumalik d’on, bumalik ka d’ong mag-isa!”

“Siguro naman tamang dahilan na ’yong tinulungan kita kanina para sundin mo ako ngayon,” sabi niya.

“Sino ba kasi’ng nagsabi sa ’yong tulungan mo ako?”

“Para mo na ring sinabing iwan ko ang isang kuting na nalulunod sa ilog.” Sumilip siya sa kanto ng isang gusali at naramdaman niyang tumabi ang babae sa kanya.

“Who the hell do you think you are anyway?” galit na tanong nito.

Mabagal na hinarap ni Cameron si Mallory. “I’m your bodyguard now.”